



# SAN FRANCISCO

## PLANNING DEPARTMENT

### [KAGAWARAN NG PAGPAPLANO]

#### Paunawa ng Pagkakaroon ng Initial Study [Paunang Pagsusuri]

*Petsa:* Marso 30, 2016  
*Numero ng Kaso:* 2014.0012E  
*Titulo ng Proyekto:* **Better Market Street Project**  
*Pagsosona:* Iba-iba - Market Street sa pagitan ng Octavia Boulevard at The Embarcadero, Mission Street sa pagitan ng Valencia Street at The Embarcadero, Valencia Street sa pagitan ng Market Street at McCoppin Street at 10<sup>th</sup> Street sa pagitan ng Market Street at Mission Street.  
*Block/Lot:* Iba-iba  
*Sponsor ng Proyekto:* San Francisco Public Works  
Simon Bertrang – 415-558-4045  
Simon.bertrang@sfdpw.org  
*Kawaning Makokontak:* Chris Thomas – 415-575-9036  
[christopher.thomas@sfgov.org](mailto:christopher.thomas@sfgov.org)

1650 Mission St.  
Suite 400  
San Francisco  
CA 94103-2479

Resepsyon:  
415.558.6378

Fax:  
415.558.6409

Impormasyon  
Tungkol sa  
Pagpapalano :  
415.558.6377

Ang paunawang ito ay para ipaalam sa inyo ang pagkakaroon ng dokumento tungkol sa pagsusuri ng kapaligiran kaugnay sa iminumungkahing proyekto na inilalarawan sa ibaba. Ang dokumento ay isang Initial Study [Paunang Pagsusuri], na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga posibleng epekto sa kapaligiran ng iminumungkahing proyekto. Dinodokumentado ng Initial Study ang pagpapasiya ng Planning Department na maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kapaligiran ang iminumungkahing proyekto, at kinakailangan ang isang Environmental Impact Report (EIR) [Ulat ng Kabuluhan sa Kapaligiran]. Ang paghahanda ng isang Initial Study ay hindi nangangahulugan na ipinapasiya ng Lungsod na isakatuparan o hindi isakatuparan ang iminumungkahing proyekto.

**Paglalarawan ng Proyekto:** Iminumungkahi ng Sponsor ng Proyekto, ang San Francisco Public Works (Public Works), katulong ang Citywide Planning Division ng San Francisco Planning Department at ang San Francisco Municipal Transportation Agency (SFMTA), na isakatuparan ang Better Market Street Project. May tatlong posibleng alternatibo at dalawang mapagpipiliang disenyo para sa Iminumungkahing Proyekto na sinusuri ng Initial Study. Babaguhin ng mga Alternatibo 1 at 2 ang disenyo at magkakaloob ito ng iba-ibang pagpapabuti ng transportasyon at pagpapaganda ng mga kalye sa isang rutang pantransportasyon na humigit-kumulang 2.2 milya ang haba na sumasakop ng mga kalyeng Market Street at Mission Street sa pagitan ng The Embarcadero, Octavia Boulevard, at ng mga kalyeng McCoppin Street at Valencia Street, kasama ng Hallidie at United Nations Plaza, at Charles J. Brenham Place (ang rutang pantransportasyon ng Proyekto). Bawat isa sa mga Alternatibo 1 at 2 ay may dalawang mapagpipiliang disenyo para sa mga lugar na pambisikleta sa Market Street. Babaguhin ng Alternatibo 3 ang disenyo at magkakaloob ito ng pagpapabuti sa 2.3 milyang bahagi ng mga kalyeng McCoppin, Otis, at Mission Street sa pagitan ng Valencia Street at The Embarcadero, pati na ang 10th Street sa pagitan ng mga kalyeng Market Street at Mission Street (Mission Street), bilang karagdagan sa mga pagpapabuti sa Market Street na idudulot ng Alternatibo 1. Ang bawat alternatibo ay binubuo ng mga pagpapabuti kapwa ng transportasyon at ng pagpapaganda ng mga kalye, kabilang ang mga pagbabago sa ayos ng mga karsada at ng mga pribadong daanang pansasakyan; mga senyales na pantrapiko; mga pampublikong sasakyan na pangkalye, kabilang ang mga landas na para sa pampublikong sasakyan lamang, pagitan ng mga stop, serbisyo, kinatatagpuan ng mga stop, mga katangian at pagpapatayo ng mga stop; mga lugar na pambisikleta; mga lugar na para sa mga taong naglalakad; pagpapaganda ng mga kalye; hintuan ng mga sasakyang pampangalangalalal at pampasahero; paradahan ng mga sasakyan; mga plaza; at mga palingkuran.

Ang pagsusuri ay nagbibigay ng isang pagsisiyasat ng mga epekto sa kapaligiran ng bawat mapagpipiliang alternatibo at disenyo. Batay sa Initial Study, EIR, at iba pang analisis at puna, iminumungkahi ang pagsasaalang-alang at pag-aproba ng isa sa mga alternatibo at mga mapagpipiliang disenyo, o ang kombinasyon ng mga alternatibo at mga mapagpipiliang disenyo na ito.

- **Alternatibo 1:** Market Street (Pinahahalagahang Kumpletong Pagpapabuti ng Kalye at Pampublikong Sasakyan)
- **Alternatibo 2:** Market Street - Moderatong Alternatibo (Pinahahalagahang Kumpletong Pagpapabuti ng Kalye at Moderatong Pagpapabuti ng Pampublikong Sasakyan)
- **Alternatibo 3:** Market Street + Mission Street (Pinahahalagahang Kumpletong Pagpapabuti ng Kalye at Pampublikong Sasakyan sa Market at Pagpapabuti ng Lugar na Pambisikleta sa Mission)

Ang mga pangunahing pagkakaiba ng Alternatibo 1 at 2 ay may kaugnayan sa pribadong daanang pansasakyan at hintuan ng mga sasakyang pampangalagalak at pampasahero. Nililimitahan ng Alternatibo 1 ang mga pribadong sasakyan sa Market Street sa pagitan ng Steuart Street at Van Ness Avenue sa pakanlurang direksyon at sa pagitan ng 10th Street at Main Street sa direksyong pasilangan. Hindi rin pahihintulutan ng Alternatibo 1 ang paghinto ng mga sasakyang pampangalagalak at pampasahero sa Market Street, maliban ang mga taong gumagamit ng sasakyan para sa mga may kapansanan. Ililipat ang mga kasalukuyang hintuang bumabaybay sa Market Street at ilalagay ang mga ito sa mga takdang sona na bumabaybay sa mga palihis na kalyeng tinutumbok nito o ng mga eskinitang kahanay nito. Mas kakaunti ang paglilimitang ipapatong ng Alternatibo 2 sa mga pribadong sasakyang dumadaan sa Market Street, na siyang magpapahintulot na makadaan ang mga pribadong sasakyan sa mas maraming bahagi ng Market Street kaysa sa Alternatibo 1. Bukod dito, mas kakaunti ang mga hintuang pampasahero o pangkarkada na aalisin sa Market Street sa ilalim ng Alternatibo 2.

May dalawang mapagpipiliang disenyo din ang mga Alternatibo 1 at 2 para sa mga lugar na pambisikleta sa Market Street, Opsyon na Disenyo A at Opsyon na Disenyo B. Sa ilalim ng mga Alternatibo 1 at 2, Opsyon na Disenyo A, maglalagay ng mas napagbuting bersyon ng mga kasalukuyang landas na hating ginagamit ng mga sasakyan at bisikleta pati na ang mga pininturahang sharrow (pagmamarka ng mga landas na may hating paggamit) kung saan wala pang matatagpuang lugar na itinakda para sa bisikleta. Sa ilalim ng mga Alternatibong 1 at 2, Opsyon na Disenyo B, maglalagay ng isang bago at nakaangat na landas na pambisikleta (kung бага, isang lugar na pambisikleta na nakahiwalay nang papataas sa daloy ng mga sasakyang di-motor at na nakatakda para sa tanging paggamit o pangunahing paggamit ng mga bisikleta) sa buong haba ng Market Street, maliban sa mga lugar kung saan hindi ito mapapahintulot dala ng mga pasukan ng BART/Muni at iba pang paghahadlang. Magdadagdag din ang mga Alternatibo 1 at 2, Opsyon na Disenyo B ng isang bagong protekdong landas na pambisikleta sa Valencia Street sa pagitan ng Market Street at McCoppin Street.

Magkakaloob ang Alternatibo 3 ng mga mismong pagbabago sa Market Street tulad ng inilalarawan sa ilalim ng Alternatibo 1, Opsyon na Disenyo A. Subalit ang Alternatibo 3 ay may kasama ding mga pagbabago sa Mission Street; babaguhin ang Mission Street para magkaroon ito ng isang landas na madadaan sa bawat direksyon (na may mga papakanang likuan kung saan maaari), at isang bagong protektadong landas na pambisikleta sa bawat direksyon. Maglalagay din ng isang bagong protektadong landas na pambisikleta sa McCoppin Street at isang bagong landas na pambisikleta na papunta sa kabilang direksyong papasilangan sa Otis Street para makonekta ang network na pambisikleta sa pagitan ng Valencia Street at Mission Street. Magdadagdag din ng isang bagong protektadong landas na pambisikleta sa 10th Street para makonekta ang mga landas sa Market Street at Mission Street. Ililipat din ng Alternatibo 3 ang lahat ng mga kasalukuyang serbisyo ng pampublikong sasakyan na ipinagkakaloob ng Muni, Golden Gate Bridge Highway and Transportation District (Golden Gate Transit), at ng San Mateo County Transit District (SamTrans) sa Mission Street na matatagpuan sa kanluran ng bagong Transbay Transit Center sa Market Street.

Ang Initial Study ay maaring maringnan o mai-download mula sa web page ng mga Negative Declaration at EIR ng Planning Department (<http://www.sf-planning.org/sfceqadocs>). May mga kopya ding makukuha na nakaimprenta sa papel sa puwesto ng Planning Information Center (PIC) sa unang palapag ng 1660 Mission Street, San Francisco.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa pagsusuri ng epekto ng iminungkahing proyekto sa kapaligiran, kontakin ang kawani ng Planning Department na nakalista sa itaas.

Ang impormasyon tungkol sa Better Market Street Project ay maaari ding matagpuan sa sumusunod na Web page, <http://www.bettermarketstreetsf.org/>. Maaaring suriin ng sinumang tao ang Initial Study bilang isang bagay na nagbibigay ng impormasyon. Ang mga komentaryo ng publiko tungkol sa Initial Study at sa Draft EIR ay tatanggapin pagkalabas ng Draft EIR. Nakasulat na mga komento ay dapat ipadala sa Sarah B. Jones, Environmental Review Officer, San Francisco Planning Department , 1650 Mission Street, Suite 400 , San Francisco, CA 94103 , o i-email sa [sarah.b.jones@sfgov.org](mailto:sarah.b.jones@sfgov.org)